

# Sangay ng Salita at Gramatika (SSG)

## Deskripsiyon ng mga Sangay

Kabílang, ngunit hindi limitado, sa sangay na ito ang pangkalahatan at espesyalisadong pag-aaral ng salita mula sa Filipino at mga katutubong wika at pawang may kaugnayan sa lingguwistika, aplikadong lingguwistika, at sosyo-lingguwistika. Nakatuon din ito sa paglinang at patuluyang pag-aaral ng gramatika sa Filipino at kaugnay nitóng mga wika. Inaasahang gagampanan ng SSG ang pagbubuo ng diksiyonaryo, tesawro, tumbasan, ortograpiya, antolohiya, ensiklopidya at iba pang kaugnay na bagay sa palimbag at elektronikong paraan, nang makaagapay sa hinihingi ng panahon.

## Mga Proyekto ng Sangay

### Saliksik

#### Atlas Filipinas

##### a.1. Linguistic Atlas

Dalawang taóng pambansang saliksik pangwika ng KWF hinggil sa umiiral na mga wika sa Filipinas. Layunin nitóng maglathala ng awtorisado at napapanahong mapang pangwika (language map) ng Filipinas. Maglalathala

Nakapaglahok na ng higit 130 wika sa database ng mga wika at inihahandang mapang onlayn na binubuo sa pamamagitan ng digital mapping software. Sa kasalukuyan, ipinagpapatuloy ng KWF ang pagbabalidá ng higit 20 pang wika.

##### a.2. Geographic Atlas

Dalawang taong pambansang saliksik ng KWF hinggil sa awtortisadong pangalan ng mga lugar sa Filipinas. Layunin ng proyektong ito na maisapanahon ang baybay ng pangalan ng mga lugar sa Filipinas.

## **Ensiklopidya ng Kapayapaan**

Pagkalap at pagsaliksik ng mga salitang kaugnay ng kapayapaan sa mga wika sa Filipinas. Layunin nitong makapaglathala ng awtorisadong sanggunian ng mayamang bokabularyo tungkol sa “kapayapaan” at kaugnay na tradisyon at pagpapahalaga ng komunidad.

## **Gramatikang Pambansa**

Bagaman inilunsad noong 2013, opisyal na sinimulan noong 2014 ang pananaliksik para sa Gramatika ng Filipino bilang Pambansang Lingua Franca. Layunin ng proyektong ito na makabuo ng napapanahong imahen ng wikang Filipino, na isinasaalang-alang ang impluwensiya ng unang wika ng mga tagapagsalita. Pinuntahan ng mananaliksik ang sampung pinakamaunlad na mga siyudad at nagsisilbing tagpuan ng mga kultura at mga wika. Mula Lungsod Baguio sa Luzon, Lungsod Cebu at Lungsod Catbalogan sa Visayas, at Lungsod Davao at Lungsod Zamboanga sa Mindanaw, pinatutunayan sa mga datos ng mga mananaliksik na ang Filipino na sinasalita sa buong kapuluan ay pinayayaman at pinaunlad ng mga katutubong wika.

## **Tesawro ng Batayang Dalumat ng Kultura**

Ang Tesawro ng mga Batayang Dalumat ng Kultura ay pagkalap ng mga katumbas na salita mula sa mga katutubong wika ng 387 batayang dalumat (basic concepts) na binuo ni Dr. Jesus Peralta, isang antropologo at ipinagkatiwala ang kaniyang database ng mga wika sa KWF.

## **Pagtuturo ng Filipino bilang Pangalawang Wika**

Ang Pagtuturo ng Filipino bilang Pangalawang Wika ay nakatuon sa paghahanda ng mga materyal at pagbibigay ng mga pagsasanay sa mga guro na nagtuturo ng Filipino bilang pangalawang wika sa batayang edukasyon. Kinikilala sa pamamagitan ng proyektong ito ang likás na katangian ng

wikang Filipino na maimpluwensiyahan ng bokabularyo at estrukturang gramatika ng unang wika ng mga Filipino.

### **Dokumentasyon ng grupong Agta/Negrato**

Komprehensibong pagdodokumento ng wika at kultura ng mga grupong Agta/Negrato, lalo na yaong mga grupong nanganganib nang mawala. Layunin nitóng maidokumento ang pang-araw-araw na pamumuhay, ang mga umiiral pang kaugalian at paniniwala, gayundin, makapagtalâ ng mga bokabularyo mula sa kanilang wika na itinuturing na unang mga wika sa Filipinas.

### **Diksiyonaryo ng Halamang gamot**

Layunin nitóng makapaglathala ng diksiyonaryong magtatampok ng mga halamang gamot na katutubo sa Filipinas, kasáma ang retrato, ang bisa ng halaman bilang gamot, at ang iba pang mga katawagan sa halaman mula sa iba pang katutubong wika sa Filipinas. Lahok din dito ang mga halamang gamot na ipinasok lámang ngunit lumaganap na sa Filipinas. At lahat ng magiging lahod sa diksiyonaryong ito ay ilalagay sa isang computer database.

### **Konsultasyon sa mga Wikang Katutubo**

Pinangunahan ng KWF, sa pakikipagtulungan sa Kagawaran ng Edukasyon, ang konsultasyon sa mga wikang katutubong ginagamit sa programang MTB-MLE. Layunin ng serye ng mga konsultasyong ito na maarmonisa ang ortograpiya ng mga katutubong wika sa ortograpiyang pambansa. Sa pamamagitan ng armonisasyong ito, matatamasa ang pagtulay (bridging) sa pagtuturo gamit ang wikang katutubo at wikang Filipino.

### **Ulingang Guro sa Filipino**

Taunang gawad na ibinibigay ng KWF sa mga natatanging guro na nagpamalas ng husay at inisyatiba sa pagpapalaganap ng wikang Filipino sa kanilang komunidad.

## **Ortograpiya ng mga Wika ng Filipinas**

Reoryentasyon at pagbuo ng ortograpiya ng mga wika sa Filipinas alinsunod sa Ortograpiyang Pambansa ng KWF. Makatutulong ang armonisasyong ito sa pagtulay mula sa katutubong wika tungo sa wikang Filipino bilang midyum ng pagtuturo.

### **Kontak number ng mga sangay**

(632) 243-9855